INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com
*****************************************************************************************************

# SI CRISING, SI DANTE, AT SI EMONG: ANG TATLONG BAGYONG SINGLAKI NG BUNDOK AT ANG PANANAMPALATAYA NG MGA BATANGUEÑO SA BIRHEN NG CAYSASAY

**ni: PATRICK HENRY V. MARAVILLA**

Noong panahon na ang Taal ay puno ng awit ng mga ibon, bango ng tinapa, at tunog ng kampana sa Simbahan ng Caysasay, tahimik at payapa ang buhay. Ngunit isang gabi, habang ang mga bata’y naglalaro ng luksong tinik sa plasa, may bumugso na malamig at matalim na hangin mula sa dagat. Napatigil ang lahat.

Sa itaas ng mga ulap, nagkakagulo ang kalangitan. Sa pinakamadilim na bahagi ng ulap, sa isang puwang na tinatawag na Lilim ng Sigwa, nagising ang tatlong halimaw na bagyo—Crising, Dante, at Emong. Sila’y nilalang na isinilang sa takot ng tao, sa galit, inggit, at paglimot sa dasal.

Pinakawalan sila ng isang makapangyarihang nilalang na matagal nang nakatago sa kailaliman ng ulap, si Sigbinaya—ang diyosa ng Dilim. Minsan siyang anghel ng liwanag ngunit pinili ang galit at pagiging makasarili.

"Ako ang gabi sa inyong panalangin," bulong ni Sigbinaya. "Pabagsakin natin ang pananampalataya ng mga Batangueño."

Sa kabila ng papalapit na unos, si Angelita, isang munting batang babae na may matibay na pananampalataya, ay nagdarasal sa tapat ng altar ng kanilang bahay. Sa kanyang mga kamay ay ang munting imahe ng Birhen ng Caysasay, na inalagaan ng kanilang angkan sa loob ng tatlong salinlahi.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Habang ang mga ulap ay lumalaki at ang hangin ay bumibilis, napansin ng mga taga-Taal na ang simbahan ay nagsimulang kumislap ng kakaibang liwanag. Mula sa dambana, lumabas ang isang sinag na pumailanlang sa langit.

Sa langit, nagising ang mga tagapagtanggol ng Liwanag—ang mga Arkanghel ng Panginoon: sina San Gabriel, tagadala ng Mabuting balita ; San Rafael, tagapagdala ng Pagpapagaling; at San Miguel, ang mandirigmang may espada ng liwanag.

Nagsimulang humubog ng isang hukbo ang Liwanag. Ngunit kailangan nila ng isang hudyat—isang dalisay na panalangin mula sa lupa.

At iyon ay nagmula kay Angelita.

Sa gitna ng kulog at sigwa, lumitaw ang Birhen ng Caysasay mula sa ilog ng Pansipit, nakasakay sa bangka ng liwanag. Mula sa kanyang kamay ay tumutulo ang mga luha ng awa, at sa bawat patak nito'y nagiging bituin sa lupa.

Lumipad si San Miguel, hawak ang espada ng liwanag, upang harapin si Sigbinaya. Sa itaas ng bundok Maculot, naglaban ang dilim at liwanag. Si Crising ay nagpalipad ng ulan, si Dante ng kidlat, at si Emong ng buhawi. Ngunit dumating si San Gabriel, at sa kanyang pakpak ay natabunan ng liwanag ang pananakot.

Si Sigbinaya ay bumuga ng usok at pagdududa, "Makikita natin kung gaano katibay ang paniniwala ng mga tao sa ilalim ng aking ulap!"

Ngunit sa puso ni Angelita, muling tumibok ang dasal:

"Birhen ng Caysasay, iligtas niyo po kami. Panatilihin po ninyo ang aming pananampalataya."

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

Sa kanyang tinig, naliwanagan ang buong simbahan. Mula sa langit, bumagsak ang isang liwanag na tila araw, lumukob sa buong Taal, at bumalot sa buong bayan na tila kandila sa gabi. Nilukob ng liwanag na dala ni San Rafael ang buong kalupaan.

Isa-isa, ang mga halimaw na bagyo ay napahinto. Si Crising ay lumuha ng ulan na tila paghingi ng tawad. Si Dante ay itinupi ang kanyang kidlat. At si Emong ay nagmistulang hangin na lamang.

Lumuhod si Sigbinaya sa liwanag ng Birhen, hindi dahil sa talo, kundi dahil sa pagkapukaw ng kanyang puso. "Ngayon ko lamang muling narinig ang panalangin ng pusong dalisay," aniya. Hinawakan siya ng Birhen. "Kahit sa kadiliman, may pag-asa. Bumalik ka sa liwanag."

At si Sigbinaya ay naging isang ulap na sumanib sa sinag ng araw.

Mula noon, naging tradisyon sa Taal ang araw ng pista ng Birhen, tuwing ika walo ng Disyembre—araw ng Milagro. Sa araw na iyon, ang mga bata'y nagsusuot ng puti, at ang mga matatanda ay nagsasabit ng bulaklak at larawan ng Birhen sa kanilang bintana, bilang alaala ng laban ng liwanag at dilim.

Si Angelita, na ngayo'y ginugunita bilang "Ang Batang Laging Nanalangin sa Birhen ng Caysasay," ay hindi na lamang alaala—kundi paalala. Iginuhit ang kanyang imahe hindi sa pintura kundi sa puso ng bawat taga-Taal—katabi ng Mahal na Birhen at ng tatlong makalangit na anghel.

Sa bawat kandilang sinisindihan, sa bawat pag-awit ng Ave Maria, at sa bawat matang nakatingala sa langit sa oras ng unos, muling nabubuhay ang kanyang panalangin.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

*****************************************************************************************************

At tuwing may bagyong dumarating, habang ang langit ay dumidilim at ang hangin ay lumalakas, maririnig sa malamig na simoy ang mahina ngunit mariing bulong ng Birhen ng Caysasay—tila awit mula sa kalangitan:

"Huwag kayong matakot, mga anak.

Sa bawat dasal, may liwanag.

Sa pananampalataya, laging nagtatagumpay ang pag-asa."

At sa gitna ng katahimikan, sumasabay sa huni ng hangin ang tinig ng bayan—isang panalanging isinulat sa puso ng mga deboto:

Aba, bituin sa da-gat

Sa karagatan sumi-kat

Hulugi kami ng sinag

Ningning mong walang katulad

Ikaw nga ang paraluman

Nagturo sa lalawigan

Kami'y iyong pakikinggan,

Birheng Ina sa Caysa-say!

At sa sinag ng kanyang ningning, muling tumitibay ang pananalig ng bayan—na sa tuwing dumarating ang dilim, naroon ang bituin sa dagat upang ipaalala:

Sa pananampalataya, laging andyan ang Birheng Ina sa Caysasay.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************